

1. Ano ang CASH AGAD?

Ang CASH AGAD ay isang serbisyo na kung saan maaari nang mag-perform ng iba't-ibang banking transactions ang mga ATM cardholders sa mga CASH AGAD partner agents gamit ang POS terminal.

Sa CASH AGAD, mas madali, mabilis, at ligtas na ang pagwi-withdraw sa mga lugar na kung saan walang sangay ng banko at ATM machines.

2. Anu-ano ang mga services na pwedeng gawin sa CASH AGAD?

Eto ang mga services na pwedeng gawin sa CASH AGAD:

- a. Withdrawal
- b. Balance Inquiry

3. Paano mag-withdraw gamit ang CASH AGAD?

Sundin lang ang mga hakbang sa pag-withdraw via CASH AGAD:

Step 1: Ibigay ng customer ang ATM card (Debit/Prepaid) para magamit sa POS terminal.

Step 2: I-swipe o i-insert ang ATM card sa POS terminal. Siguraduhin na pareho ang ATM card number na lumabas sa screen ng POS terminal at sa mismong card ng customer.

Step 3: I-enter ang amount na gustong i-withdraw.

Step 4: Ipa-type sa customer ang kanyang PIN sa POS terminal o Pinpad. Kapag successful ang transaction, maglalabas ng resibo ang POS terminal. I-abot ang cash at resibo sa customer.

4. Paano mag inquire ng balanse gamit ang CASH AGAD:

Sundin lang ang mga hakbang sa pag-inquire ng balance via CASH AGAD:

Step 1: Ibigay ng customer ang ATM card (Debit/Prepaid) para magamit sa POS terminal.

Step 2: I-swipe o i-insert ang ATM card sa POS terminal. Siguraduhin na pareho ang ATM card number na lumabas sa screen ng POS terminal at sa mismong card ng customer.

Step 3: Ipa-type sa customer ang PIN sa POS terminal o Pinpad. Ilalabas sa screen ng POS terminal ang balance ng ATM card.

5. Ano ang mga cards na tinatanggap ng CASH AGAD?

Lahat ng Philippine-issued ATM cards (Debit o Prepaid) ay tatanggapin sa BDO CASH AGAD POS terminal.

6. Anong mga currencies ang tatanggapin ng CASH AGAD?

Ang CASH AGAD ay tatanggap lang ng Philippine Peso denomination (Php).

7. May charge ba sa customer ang bawat CASH AGAD transaction?

Oo, may "Convenience Fee" na ibabawas sa ATM card ng customer sa bawat CASH AGAD transaction.

8. Magkano ang "Convenience Fee" sa bawat CASH AGAD transaction?

Ang Convenience Fee kada transaction ay depende sa type at location ng partner agent.

Within the City: Php 15 – 30 kada transaction

Outside the City: Php 30 – 50 kada transaction

9. Paano kinukuha ang "Convenience Fee" sa customer kada withdrawal?

Ang Convenience Fee ay automatic na ibinabawas sa ATM account sa bawat transaction.

Halimbawa:

Withdrawal Amount: Php 5,000

Convenience Fee: Php 30

Total Amount to be deducted from the ATM card: Php 5,030

- 10. May charge ba ang balance inquiry ng ATM card (Debit/Prepaid Card) sa CASH AGAD?** Ang balance inquiry sa CASH AGAD ay libre at walang service charge.
- 11. May maximum withdrawal amount ba sa CASH AGAD?**
Ang maximum amount kada withdraw ay Php 10,000 o depende sa daily limit ng issuing bank ng customer o sa limit mo bilang partner agent.
- 12. Paano malalaman ng customer ang daily limit ng kanyang ATM card?**
Pwede siyang tumawag, o bumisita sa kanyang issuing bank upang malaman ang kanyang daily limit.
- 13. Gaano ka-secure ang mga transactions sa CASH AGAD?**
Ang CASH AGAD transactions ay secure dahil ang mga customer ay kailangang mag key-in ng PIN sa POS terminal o Pinpad. Bawat transaction ay kailangan ng approval ng issuing bank.
- 14. Gaano ka private ang mga transactions sa CASH AGAD?**
Ang card number ay encrypted at ang huling 4 digits lamang ang printed sa sales receipt.
- 15. Paano maging isang CASH AGAD partner agent?**
Kung gusto mo maging isang CASH AGAD partner agent, maaari kang mag-inquire via:
a. BDO Customer Contact Center at (02) 631-8000
b. Cash Agad Sales Team Hotline at (02) 840-7500 or 1800-10-840-7500 (Toll Free)
c. Cash Agad Sales Team Email Address: cashagad@bdo.com.ph
- Mag-inquire mula Lunes hanggang Biyernes, 8:30AM – 5:30PM.
- 16. May franchise fee o bayad ba ang pagiging isang CASH AGAD partner agent?**
Walang babayaranang franchise o anumang fee sa CASH AGAD. Ang BDO at CASH AGAD ay mabusising sinusuri ang mga applicants at inaalang kung sila ay qualified maging isang partner agent.
- 17. Paano magkaroon ng kita o profit bilang isang CASH AGAD partner agent?**
Ang kita o profit ay galing sa convenience fee kada CASH AGAD transaction. Iyong malalaman ang fees at commissions kapag ikaw ay isa nang qualified na CASH AGAD partner agent. Para lumaki ang kita o profit, siguraduhing maghikayat ng mga customers na mag-withdraw sa iyong tindahan.
- 18. Anu-ano ang mga requirements para maging isang CASH AGAD partner agent?**
Kinakailangan mong magkaroon ng BDO o ONB account at mag-submit ng business documents (ie. Business Permit, etc.) sa BDO o ONB branch para mai-process ang iyong application. Ang iba pang requirements ay ipagbibigay alam sa iyo ng assigned CASH AGAD sales officer.
- 19. Anu-anong supporta ang maibibigay sa akin ng CASH AGAD para lumago ang aking negosyo?**
Bukod sa POS terminal, nagbibigay din ang BDO at CASH AGAD ng free training at marketing collaterals para masimulan ng maayos ang iyong CASH AGAD business. Bukod pa rito, marami pang inihandang programa ang BDO at CASH AGAD sa kanilang mga partners.